Module Code: **Pasay F1 – Q4- W3-D1**

Pangalan ng Guro: ____________________________________

Pangalan: ___________________________ Baitang at Pangkat: __________

## Gawain

**Panuto:** Basahinangsitwasyonatisulatangsagotngiyong palagay o hinuha sa bawat pangyayari.

_________ **1.** Pagkauwi ni Johnrey mula sa paaralan ay dumiretso kaagad siya sa bahay ng kaniyang kaklase upang maglaro ng "video games". Sa paglalaro ay hindi namalayan ni Johnrey na gabi na.

**a.** matatakot siya sapag-uwi.
**b.** mag-aalala ang kaniyang mga magulang.
**c.** pagagalitan siya ng kaniyang mga magulang.

_________ **2.** Maagang na ulila sa ina ang tatlong magkakapatid. Nasa ikaanim na baitang ang panganay. Palaging malungkot ang kanilang tatay, hatinggabi na kung umuwi at lasing pa.

**a.** inaway nila angama.
**b.** maiisipan nilang humingi ng tulong sa pamahalaan.
**c.** magkakaroon ng malaking problema ang magkakapatid.

_________ **3.** Maagang gumising si Angelica dahil unang araw ng pasukan. Subalit biglang bumuhos ang malakas na ulan.

**a.** hindi na siya papasok ng paaralan.
**b.** susuungin ang napakalakas na ulan.
**c.** hintaying tumila ang ulan at hihingi ng paumanhin sa guro kung bakit nahuli sa klase.

_________ **4.** Pagkatapos ng ECQ/Enhanced Community Quarantine sa kanilang lugar, parang mga kabute na nagsulputan ang mga tao sa lansangan, gala dito, gala doon. Hindi inalintana ang bilin ng gobyerno na social distancing, palaging magsuot ng mask at huwag munang lalabas ng bahay kung hindi naman kailangan. Ano ang susunod na mangyayari kung patuloy na pasaway ang mga tao?

**a.** maraming tao angmagugutom.
**b.** maraming tao angmanghihina.
**c.** maraming mahahawaan ng sakit na COVID-19.

_________ **5.** Ang mga tao sa barangay nila ay mahilig magtapon ng basura. Tapon dito, tapon doon. Ano kaya ang mangyayari sa kanilanglugar?

**a.** matutuwa angnamamasura.
**b.** lalago ang mga tanim sa paligid.
**c.** dadami ang mga insekto na maaaring magdala ng mga sakit satao.

LIVEWORKSHEETS